

MODELO SA PAG-UNLAD

Talaan ng Impormasyon

Ano ang modelo sa pag-unlad?

Ang modelo sa pag-unlad ay isang paraan ng pagsusukat ng pagtaas ng mga score sa pagtatasa ng mga estudyante kada taon, batay sa kanilang mga pang-estadong score sa pagtatasa sa English language arts (ELA) at matematika. Iba ang pag-unlad sa pagkamit. Pagkamit—gaya ng isahang score sa pagtatasa— ay nagpapakita sa atin kung gaano karami ang kaalaman ng mga estudyante sa panahon ng pagtatasa. Ipinapakita sa atin ng pag-unlad kung gaano mas tumaas ang mga score ng mga estudyante mula sa isang grade tungo sa susunod. Sa sistema ng pananagutan, ang pinagsama-samang pag-unlad ng estudyante ay makakapagbigay ng tantiya ng karaniwang pag-unlad para sa mga estudyante sa iisang paaralan, lokal na ahensya ng edukasyon, o pangkat ng mga estudyante.

Bakit lumikha ng California ng modelo sa pag-unlad?

Sa pagtutok sa pag-unlad ng estudyante, natutukoy ng mga distrito at paaralan kung umunlad ang mga score sa pagtatasa ng mga estudyante nang singtaas ng inaasahan sa bawat taon, at kung saan nangangailangan ng pagpapahusay. Naipapakita rin ng datos ng pag-unlad sa mga distrito at paaralan kung ang isang grupo ng mga estudyante ay umunlad nang mas mataas, katulad ng, o mas mababa sa pag-unlad ng isa pang pangkat. Ang pag-unlad ng estudyante ay isa pang impormasyon na magagamit ng mga guro at iba pang mga tagapagturo para matiyak na magtagumpay ang lahat ng estudyante sa paaralan. Gamit ang modelo sa pag-unlad na ito, nakibahagi ang California sa 48 iba pang estado na gumagamit din ng mga score sa pag-unlad para masukat ang pagkatuto ng estudyante.

Para sa ano-anong grade kinakalkula ang mga score sa pag-unlad?

Mayroong mga pang-estadong resulta ng pagsusulit para sa grade three hanggang eight at grade eleven. Dahil kinakailangan ang magkakasunod na taon ng mga resulta para makalkula ang mga score sa pag-unlad, kinakalkula ang mga ito para sa mga grade four hanggang eight. Hindi magkakaroon ng mga score sa pag-unlad ang mga nasa grade three at eleven dahil wala silang mga score sa pagsusulit noong nakaraang taon.

Paano nakakalkula ng modelo sa pag-unlad ang mga score sa pag-unlad?

Ang unang hakbang sa pagkakalkula ng mga score sa pag-unlad ng estudyante ay ang matukoy ang inaasahang score sa pagsusulit ng estudyante. Ang inaasahang score sa pagsusulit ay malalaman sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga estudyanteng nagkaroon ng mga katulad na score sa pagsusuri noong nakaraang grade, at pagkatapos ay sa pagtatasa ng kanilang mga karaniwang score sa pagsusulit sa kasalukuyang taon. Kapag natukoy na ang inaasahang score sa pagsusulit para sa bawat estudyante, ang pagkakaiba sa pagitan ng inaasahang score sa pagsusulit ng estudyante at sa kanilang aktwal na score sa pagsusulit ay paghahambingin para malaman ang kanilang indibidwal na score sa pag-unlad.

Ang mga indibidwal na score na ito ay bibigyan ng average para sa mga estudyante sa antas ng distrito, paaralan, at pangkat ng estudyante, gamit ang simpleng average—kapag marami ang mga estudyante, o weighted average—kapag kaunti lang ang mga estudyante.

Kailan ilalabas ang mga score sa pag-unlad?

Dahil sa mga pagbabago sa pagtuturo at pagtatasang sanhi ng COVID-19 sa nakalipas na dalawang taon, ang mga score sa pag-unlad na inilabas noong 2021 ay kinalkula batay sa dating datos at hindi maaksyunan ang mga ito. Kakalkulahin at ilalabas ulit ang mga score sa pag-unlad sa 2024, kapag mayroon nang tatlong magkakasunod na score ng mga pagsusulit.

Paano ko malalaman ang tungkol sa pagkatuto ng aking estudyante?

Dapat i-access ng mga magulang ang Ulat sa Score ng Estudyante ng kanilang anak para makakuha ng impormasyon tungkol sa kanilang kasalukuyang pagganap sa pang-estadong pagtatasa. Pwede ring makipag-ugnayan ang mga magulang sa mga guro para mapag-usapan ang mga gawain sa klase, mga grado at iba pang mga sukatan ng tagumpay ng estudyante.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang web page ng California Department of Education Growth Model sa <https://www.cde.ca.gov/ta/ac/acctgrowthmod.asp>.



Setyembre 2021